The City of
SAN DIEGO
Environmental Services Department

## **PAKSA: MAHALAGANG PAUNAWA:** Ang Iyong Ari-arian ay ***Hindi*** Kwalipikado para sa Lungsod ng San Diego Serbisyo sa Pagkolekta ng Basura sa Bahay. **Aksyon na Kailangan** upang Baguhin sa Pribadong Serbisyong Pangongolekta ng Basura ng Franchise Hauler



Date

Full Name
Address
City, State, ZIP Code

**Deadline para Magtatag ng Serbisyo sa Aprubadong Prangkisa ng Paghahakot: OKTUBRE 15, 2025**

**Kung ang iyong ari-arian ay nakatala na sa mga serbisyo sa pagkolekta ng basura, pag-recycle at organikong basura mula sa isang Franchise Hauler, mangyaring mag-email ng dokumentasyon na nagpapakita ng iyong pagpapatala (hal. isang kopya ng kasunduan o invoice) sa wasteservice@sandiego.gov.**

Minamahal na May-ari ng Ari-arian: **[Name Here]**

Bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap ng Lungsod ng San Diego na mapabuti ang mga serbisyo sa pamamahala ng basura at matiyak ang pagsunod sa mga regulasyon ng Lungsod, inaabisuhan ka namin na ang iyong ari-arian ay nakilala sa isang kamakailang pagsusuri sa pag-verify ng address na **hindi karapat-dapat** para sa serbisyo ng pagkolekta ng basura sa tirahan na ibinigay ng Lungsod.

Address: [Insert Property Address Here]
APN: [Insert APN Here]

Tinukoy ng Ordinansa ng Lungsod na *"kahit isang beses bawat linggo, ang mga puwersa ng Lungsod ay mangongolekta at magdadala ng mga solidong basura para sa paglilipat, transportasyon, at pag-recycle o pagtatapon at ang Lungsod ay maaaring maningil ng bayad sa pagbawi sa gastos, ayon sa pinapayagan ng batas, para sa lahat ng mga serbisyo sa pamamahala ng solidong basura"* (66.0127). Karagdagang ipinaliwanag ng Ordinansa na *"ang ibig sabihin ng solidong basura ay solidong basura, ng uri at dami na karaniwang nalilikha ng isang pambahayang ari-arian, na inilalagay sa itinalagang lugar ng pagkolekta sa linya ng kurbada ng isang pampublikong kalye ng Lungsod o pampublikong eskinita ng Lungsod sa isang lalagyan ng pangongolekta ng curbside na inaprubahan ng Lungsod sa itinalagang araw ng koleksyon"* at ang ibig sabihin ng *"pambahayang ari-arian ay isang pambahayang ari-arian na may iisang pamilya o isang maramihang pamilya na pambahayang ari-arian, na may hanggang apat na mga tahanan sa iisang lote, na tumutugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa koleksyon ng mga puwersa ng Lungsod."*

### Sino ang karapat-dapat para sa mga serbisyo ng pangongolekta ng Lungsod?

Isang pambahayang ari-arian na may iisang pamilya o isang maramihang pamilya na pambahayang ari-arian, na matatagpuan sa pampublikong kalye, na may hanggang apat na tahanan sa iisang lote, na tumutugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa koleksyon ng mga puwersa ng Lungsod.

### Paano ko malalaman kung ang aking ari-arian ay tumutugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa koleksyon ng mga puwersa ng Lungsod? Dapat matugunan ng mga karapat-dapat na ari-arian ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

- Pambahayang mga ari-arian na may isa hanggang apat na tahanan sa iisang lote. Para sa kahulugan ng lote, tingnan ang Regulasyon sa Pamamahala ng Basura sa **sandiego.gov/wmr**
- Mga ari-arian na hindi mixed-use o pinaghalong-gamit o komersyal na ari-arian.
- Mga ari-arian na matatagpuan sa isang pampublikong kalye at napapakinabangan sa isang pampublikong kalye.
- Mga ari-arian na may sapat na espasyo para mag-imbak ng mga lalagyan na kailangan para lalagyan ng lahat ng basura, pag-recycle, at mga organiko na nabuo ng ari-arian sa pagitan ng mga koleksyon.

### Paano ko malalaman kung ang aking ari-arian ay ***hindi*** tumutugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa koleksyon ng mga puwersa ng Lungsod? Kabilang sa mga hindi karapat-dapat na ari-arian ang:

- Pambahayang mga ari-arian na may lima o higit pang mga tahanan isang lote.
- Mixed-use at komersyal na mga ari-arian.
- Mga ari-arian na matatagpuan sa mga pribadong kalye o sa loob ng mga may gate na komunidad.
- Mga ari-arian na ang pagdaan ay nangangailangan ng pagtawid sa isang pribadong kalye o sineserbisyuhan sa isang pribadong kalye, kahit na ang address ng ari-arian ay nasa pampublikong kalye.
- Mga ari-arian na walang sapat na espasyo para mag-imbak ng sapat na mga lalagyan na ibinigay ng Lungsod na kailangan para lalagyan ng lahat ng basura, pag-recycle at mga organiko na nabuo ng ari-arian sa pagitan ng lingguhang koleksyon.
- Mga ari-arian sa isang pabahay na complex kung saan ang ilan sa mga ari-arian ay hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ng Lungsod. Upang maging kwalipikado para sa serbisyo ng Lungsod, ang lahat ng mga ari-arian sa isang complex ay kailangang maging karapat-dapat para sa serbisyo ng Lungsod.

Isinasaad ng aming pagsusuri na ang iyong ari-arian **ay hindi karapat-dapat** para sa mga serbisyo sa pangongolekta ng basura na ibinigay ng Lungsod at samakatuwid, ikaw **ay dapat magpatala sa isang inaprubahan ng Lungsod na pribadong Franchise Hauler para sa mga serbisyo ng pagkolekta ng basura, pag-recycle at organikong basura ng iyong ari-arian**. Kung naniniwala kang natutugunan ng iyong ari-arian ang lahat ng pamantayan para sa serbisyo ng pangongolekta ng Lungsod na nakalista sa itaas, mangyaring bumisita sa **sandiego.gov/trash** upang maghain ng Appeal (Apela sa Pagiging Karapat-dapat).

## Mga Susunod na Hakbang

Upang matiyak ang isang maayos na paglipat, mangyaring gawin ang mga sumusunod na hakbang.

1. **Suriin ang Bawat Franchise Hauler at Mga Serbisyong Alok**
   Mangyaring sumangguni sa nakalakip na listahan ng Mga Franchise Hauler na inaprubahan ng Lungsod. Hinihikayat na makipag-ugnayan sa mahigit sa isa upang matukoy kung aling Franchise Hauler ang maaaring pinaka-angkop para sa iyong ari-arian. Kung ang iyong ari-arian ay bahagi ng isang asosasyon ng may-ari ng bahay (homeowner association o HOA), mangyaring makipag-ugnayan sa konseho ng HOA upang iugma ang mga serbisyo sa pangongolekta ng basura.
2. **Pumili ng Franchise Hauler at Magtatag ng Serbisyo sa Pagkolekta ng Basura**
   Magtatag ng mga serbisyo ng basura, pag-recycle at organikong basura kasama ang isang Franchise Hauler at tukuyin ang petsa ng pagsisimula ng serbisyo. Upang sumunod sa City Recycling Ordinance Container and Signage Guidelines o Ordinansa ng Lungsod sa Pag-recycle at Mga Alituntunin sa Lalagyan at Karatula, dapat kang mag-subscribe sa sapat na serbisyo ng koleksyon upang ang mga lalagyan ay hindi umapaw at ang mga lalagyan ay magagamit nang maayos nang walang anumang kontaminasyon.
3. **Iwanan ang Mga Lalagyan ng Lungsod sa Collection Point o Pook ng Koleksyon sa Petsa ng Pagsisimula ng Bagong Serbisyo sa Franchise Hauler**
   Sa linggong ihahatid ang iyong mga bagong Franchise Hauler na lalagyan, pakitiyak na ang lahat ng mga lalagyan ng Lungsod ay naiiwan sa isang nadadaanang lokasyon pagkatapos ng koleksyon nang hindi bababa sa 48 oras upang mapadali ang palitan ng lalagyan. Ihahatid ng iyong bagong Franchise Hauler ang iyong mga bagong lalagyan at aalisin ang mga lalagyan ng Lungsod.
4. **Abisuhan ang mga Residente at Nangungupahan ng mga Paparating na Pagbabago**
   Mahalagang ipaalam ang mga pagbabago para sa mga serbisyo sa pangongolekta ng basura sa mga residente ng ari-arian o sa mga nangungupahan kung ang ari-arian ay inuupahan, kasama ang bagong petsa ng pagsisimula ng serbisyo, bagong araw ng koleksyon at mga pinakamahusay na kagawian sa pag-recycle.

### Mga Mapagkukunan at Tulong

- Hanapin ang aming transition fact sheet, listahan ng mga naaprubahang pagpipilian sa hauler, mga madalas itanong, at iba pang mga mapagkukunan sa **sandiego.gov/trash.**
- Bisitahin ang **SDRecyclingWorks.com** para sa impormasyon sa pagsunod sa City Recycling Ordinance at Container and Signage Guidelines o Ordinansa ng Lungsod sa Pag-recycle at Mga Alintuntunin sa Lalagyan at Karatula.
- Para sa mga tanong o karagdagang tulong, makipag-ugnayan sa City of San Diego Environmental Services Department sa **619-533-4440** o mag-email sa amin sa **wasteservice@sandiego.gov**

**I-scan para sa magagamit na mga wika:**

- English
- Español
- Tiếng Việt

Nauunawaan namin na ang paglipat sa isang bagong serbisyo ng pangongolekta ng basura ay maaaring isang pagsasaayos, at kami ay nakatuon sa pagsuporta sa iyo sa prosesong ito. Salamat sa iyong kooperasyon at pakikipagtulungan sa paglikha ng isang mas malinis at mas luntiang San Diego.

Taos-puso,

City of San Diego Environmental Services Department

Environmental
Services